ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLVIII Blg.8
Abril 21, 2017
www.philippinerevolution.info

## Mahigit 50 armas, nasamsam ng BHB

MAHIGIT LIMAMPUNG BARIL, daan-daang mga bala at iba pang gamit-militar ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) mula Abril 9 hanggang 14.

Sa North Cotabato, mahigit 32 armas ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Regional Operations Command (ROC) ng BHB-Southern Mindanao Region sa ginawang reyd sa bahay ni Michael Lingaro sa Brgy. Mahongcog, Magpet, noong Abril 9, alas-9 ng umaga. Tumatayong lider ng isang grupong paramilitar ang kapitan ng barangay na si Lingaro. Ginagamit ang grupo ni Lingaro sa mga operasyong kombat ng 39th IB sa lugar. Ilang oras matapos ito, sinalakay ng ROC-SMR ang mga pwersa ng 39th IB na nagsagawa ng operasyong pagtugis sa Brgy. Temporan, katabi ng Mahongcog. Tumagal nang dalawang oras ang labanan.

Sa Palawan, nasamsam ang 18 armas sa isinagawang reyd ng Bienvenido Valleber Command sa Brgy. Barong-barong, Brooke's Point noong Abril 14, alas-8 ng gabi, sa akusadong *drug lord* na si Gilbert S. Baaco.

Sa San Fernando, Bukidnon, isa ang sugatan at isa ang patay sa hanay ng 60th IB sa isinagawang aksyong militar ng magkasanib na pwersa ng regular na hukbo at milisyang bayan noong Abril 10. Dalawang operasyong harasment at isa pang operasyong isparo ang isinagawa sa Brgy. Bunaco at Brgy. Nabuntu-

...sundan sa pahina 3




EDITORYAL

# Manggagawang Pilipino: Magkaisa at lumaban! Itanghal ang bandila ng Partido!

Kabilang sa pinakamalalaking tungkulin ng ating Partido ang malawakang pag-oorganisa at pagpapakilos sa masang manggagawang Pilipino sa landas ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Sa darating na Mayo Uno, Pandaigdigang Araw ng mga Manggagawa, bigyang-pansin natin ang mga kagyat na dahilan para lalong mahigpit na panghawakan at tupdin ang mga tungkuling ito.

Kailangang-kailangang palakasin ang demokratikong pakikibaka ng mga manggagawang Pilipino upang pangibabawan ang dinanas nilang malawak na pinsala dulot ng halos apat nang dekada ng kaayusang neoliberal. Mula dekada 1980, walang habas na inatake ang karapatan ng mga manggagawa sa pag-uunyon, sa seguridad sa trabaho at sa disenteng sahod. Sa panahong ito, walang kapantay sa kasaysayan ang iniatras ng antas ng kabuhayan, kalagayang panlipunan, mga demokratikong karapatan at pampulitikang kalayaan ng mga manggaga-

wang Pilipino.

Sa pamamagitan ng pasistang karahasan, tuwirang pagsikil, pambabraso, pananakot at panlilinlang, pati na sa pakikipagsabwatan ng mga lider-dilawan at taksil, malawakang sinupil ang karapatan ng mga manggagawa sa pagbubuo ng unyon. Mula 12% noong maagang bahagi ng dekada 1980, bumagsak ang bilang ng mga manggagawang Pilipino na nakapaloob sa mga unyon tungo sa mahigit na lamang 3%. Ang malawakang pagwasak sa mga unyong manggagawa ang susing salik para maipataw ng malalaking burges at dayong monopolyong kapitalista sa Pilipinas ang napakasasahol na patakarang anti-manggagawa.

Isinabatas noong 1989 kapwa ang Herrera Law (nirebisang Batas sa Paggawa) at ang Wage Rationalization Act. Ang mga ito ang nagbigay-daan at nagsilbing salalayan ng kontraktwalisasyon at iba't ibang anyo ng pleksibleng pag-eempleyo, deregulasyon ng mga pamantayan sa paggawa, paglalansag sa pambansang minimum na sahod at pagpatupad ng iba't ibang iskema upang hilahin pababa ang sahod ng mga manggagawa. Ang mga patakarang ito ay nakatuon sa pagbabaklas ng lahat ng regulasyon sa pag-eempleyo sa paggawa at pagwasak sa mga naipagwagi nang mga karapatan ng mga manggagawa. Ibinigay sa malalaking kapitalista ang buong-laya na sagarin ang oras ng pagtatrabaho at sulitin ang bawat pisong pasahod upang huthutin ang maksimum na labis na halaga mula sa lakas-paggawa.

Ipinaiilalim ang mga manggagawa sa pinakamalalalang anyo ng pagsasamantala, kabilang ang pinakamasasahol na kaayusan sa pagtatrabaho (kontraktwal, "apprenticeship," "student training," walang sahod na pagtrabaho sa mga prangkisa ng may-ari ng eskwelahan at iba pa). Pinalala nito ang atake sa mga unyon sa pamamagitan ng palagiang bantang masisante ang mga kontraktwal na mangangahas na bumuo ng unyon o sumapi dito.

Ipinatupad ng reaksyunaryong estado ang liberalisasyon sa pamumuhunan sa pagluluwag o tuluyang pag-aalis ng dating mga regulasyon sa pangangalaga sa kapakanan at kalusugan ng mga manggagawa (pati na sa kapaligiran) para lamang makapagtipid ang kapitalista kahit pa katumbas nito'y kaligtasan ng mga manggagawa mula sa sunog at iba pang aksidente. Pinakamatindi ang dinaranas na pagsasamantala ng mga manggagawa sa mga pabrika sa loob ng tinaguriang *export processing zone* o mga engklabo sa paggawa. Ang mga engklabong ito ay langit para sa mga kapitalista at impyerno para sa mga manggagawa.

Sa nagdaang 20 taon, labis nang nahuli ang pagtaas ng sahod ng mga manggagawa sa bilis ng pagsirit ng presyo ng mga bilihin. Ang kasalukuyang abereydds na ₱454 minimum na sahod sa NCR ay wala pa sa kalahati ng kinakailangang ₱1,119 para mabuhay nang disente ang anim kataong pamilya.

Dapat muling palakasin ng masang manggagawa ang kanilang organisadong lakas upang maipaglaban ang pagbabalik ng mga karapatang dati na nilang tinamasa. Dapat organisahin ang milyun-milyong manggagawa, regular man o kontraktwal, kapwa sa mga unyon at asosasyon. Malawak na organisahin ang mga manggagawa sa loob ng mga engklabo.

Ang malawakang pakikibaka ng mga manggagawa para sa umento sa sahod at laban sa kontraktwalisasyon ay maghuhugis sa kaliwa't kanang pagputok ng mga welga sa mga pabrika at empresa. Kasabay nito'y dapat buuin ang malawak na kilusang manggagawa para ibasura ang kontraktwalisasyon, laluna sa harap ng nakapakong pangako ng gubyernong Duterte na wakasan ito. Singilin ang obligasyon ng estado na tiyakin ang trabaho. Ipaglaban ang pangkalahatang umento sa sahod at pagtatakda ng pambansang minimum. Isigaw ang pagwawakas sa patakaran ng pagluluwas ng mga manggagawang kontraktwal.

Ang mga pakikibakang ito ng masang manggagawang Pilipino ay bahagi ng mas masaklaw na pakiki-


ANG Bayan

Tomo XLVIII Blg. 8 | Abril 21, 2017

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral

@prwc_info

facebook.com/prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal:** Manggagawang Pilipino: Magkaisa at lumaban! Itanghal ang bandila ng Partido! 1

Mahigit 50 armas, nasamsam ng BHB 1

Dalawang bihag ng digma, pinalaya 4

Serye ng opensiba sa Northern Samar 4

Ka Zola, 48 4

Welga sa mga plantasyon, tagumpay 5

4 na magsasaka, pinatay 6

Pambansang minimum na sahod 7

Kritika sa imperyalismo ni Lenin 8

Russia, Abril 1917 9

Abanteng Kurso, tinapos ng 15 araw 10

PRWC Page , tinanggal ng Facebook 11

"Abu Sayyaf sa Visayas," pakana ng US 12

Bomba, inihulog ng US sa Afghanistan 12

Mga pagkilos sa ST, Samar at ComVal 13

Kalbaryo ng Mamamayan, itinanghal 13



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

baka ng sambayanang Pilipino laban sa mga imperyalistang patakarang neoliberal. Ang buong saklaw ng mga patakarang ito ay nagdulot ng matinding pinsala sa sambayanang Pilipino at naglugmok sa Pilipinas sa mas malalim na krisis.

Kaakibat ng pagsusulong ng mga pakikibakang ito, nasa balikat din ng uring manggagawang Pilipino ang tungkuling pamunuan ang demokratikong rebolusyong bayan upang wakasan ang malakolonyal at malapyudal na sistema ng lipunan at sumulong sa landas ng sosyalistang kinabukasan. Ang makauring pamumuno ay ginagampanan ng proletaryong Pilipino sa pamamagitan ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang kanilang partidong pampulitika. Upang pahigpitin ang pamumuno ng uring manggagawa sa demokratikong rebolusyong bayan, mahigpit na tungkulin ng Partido na malawakang pukawin, pakilusin at organisahin ang masang manggagawa.

Palaganapin sa hanay ng masang manggagawa ang pag-aaral sa Marxismo-Leninismo-Maoismo, ang ideolohiya ng uring manggagawa, para gamiting sandata sa pagdurog sa mga kaisipang burges at pyudal na pinalalaganap ng naghaharing uri.

Dapat ilantad ng kilusang manggagawa ang pandaigdigang krisis ng kapitalismo, ang dominasyon ng mga dayuhang monopolyong kapitalista sa lokal na ekonomya at kung papaano nila ginagamit ang kanilang kontrol sa mga kasangkapan sa produksyon sa Pilipinas para huthutin ang likas na yaman ng bansa at pagsamantalahan ang lakas-paggawa ng mga manggagawang Pilipino.

Dapat ipaglaban ng masang manggagawang Pilipino ang pambansang industriyalisasyon at tunay na reporma sa lupa bilang mga susing hakbangin na wakasan ang ekonomyang atrasado at nakasalalay sa dayuhang pamumuhunan at pagpapautang, sa pagluluwas ng mala-manupakturang produkto at murang lakas-paggawa. Sa gayong paraan lamang mailuluwal ang modernong ekonomyang makalilikha ng sapat na trabaho para sa lahat. Dapat patampukin ito sa pagsuporta sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP.

Dapat ilantad at labanan ang dominasyon at panghihimasok ng imperyalismong US sa militar at pulitika, ang paggamit nito sa mga tagibang na kasunduang militar tulad ng EDCA at VFA, sa mga baseng militar at presensya ng mga tropang militar nito sa Pilipinas upang pangalagaan ang estratehikong interes ng mga korporasyong US sa Pilipinas at sa Asia-Pacific.

Ang malawakang pagkilos ng masang manggagawa sa kalunsuran ay magsisilbing matatag na salalayan ng paglahok ng mga petiburgesyang lungsod (laluna ang mga estudyante) at iba pang mga panggitnang pwersa sa pambansa-demokratikong kilusan. Dapat silang malawakang pakilusin para makiisa sa mga pakikibaka ng batayang masa sa kalunsuran at kanayunan.

Kaakibat ng pagsusulong ng kanilang mga pakikibakang pang-ekonomya, dapat malawakang kumilos ang masang manggagawa at mala-manggagawa sa kalunsuran para magbigay ng suporta at tuwirang lumahok sa mga pakikibakang antipyudal ng masang magsasaka sa kanayunan. Ilantad at labanan ang militarisasyon at mga pasistang pang-aabuso ng AFP sa kanayunan.

Dapat malawakang pakilusin ng Partido ang mga manggagawa para lumahok sa armadong rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan. Kailangang kailangan ang libu-libong mga kadreng manggagawa (gayundin ang mga kadre mula sa mga petiburges na intelektwal) upang balikatin ang papalaking mga tungkulin para palakasin ang BHB at paigtingin ang armadong pakikibaka, isulong ang rebolusyong agraryo at itayo ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa buong bansa. AB

---


*"50 armas...," mula sa pahina 1*

ran sa parehong bayan.

Sa Cateel, Davao Oriental, naglunsad ng operasyong harasment noong Abril 11, alas-8 ng umaga laban sa 67th IB. Sa Baganga noong Abril 13, pinasabugan ng isang tim mula sa Front 15 ang tropa ng 67th IB.

Sa Davao City, pinaputukan ng Pulang hukbo ng Front 55 ang mga sundalo ng 60th IB sa Brgy. Mangani Tapak, Paquibato.

Sa Surigao Del Sur, naglunsad ng opensibang harasment ang BHB-NEMR laban sa 72nd IB/CAA noong Abril 10, alas-2:35 ng hapon sa Brgy. Pagbacatan, Lingig. AB



## Dalawang bihag ng digma, pinalaya

PINALAYA NG BHB-Far South Mindanao Region noong Abril 19 ang dalawang bihag-ng-digma *(prisoner-of-war* o POW*)* na sina Sgt. Solaiman Calocop at PFC Samuel Garay sa Brgy. Colon Sabak, Matanao, Davao del Sur. Kapwa sila elemento ng 39th IB nang dakpin ng mga Pulang mandirigma sa Columbio, Sultan Kudarat noong Pebrero 2.

Ang programa sa pagpapalaya ay itinaguyod ng isang kumpanya ng mga Pulang mandirigma. Kasunod nito'y ipinasa ang dalawa sa organisasyong Sowing the Seeds of Peace na nagkoordina sa paglaya ng mga sundalo. Ipinailalim sa tsek-ap ng mga tauhang-medikal ang mga POW upang tiyaking maayos ang kanilan kalusugan.

Kabilang sa mga nagkoordina sa kanilang paglaya at dumalo sa programa ay sina Columbio Vice Mayor Edwin Bermudez, Board Member Romulo Solivio ng South Cotabato, at dating kongresman Marc Douglas Cagas. Naroon din ang mga pamilya ng dalawang sundalo.

Pinasalamatan ng mga sundalo ang BHB sa makataong pagtrato sa kanila ng BHB. Ayon kay Garay, wala silang naranasang anumang pananakit, kahit sa salita.

Sa programa, ipinaliwanag ni Ka Macario Dilaab, tagapagsalita ng Mt. Alip Command, na ang pagpapalaya sa mga POW ay dahil sa makataong batayan at bilang pagsuporta sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP.

Nauna rito, noong Abril 12, ipinahayag ni Ka Oris, tagapagsalita ng BHB, na noon pang Kwaresma nakatakdang palayain sina Calocop at Garay. Hindi lamang ito natuloy dahil sa pagtanggi ng AFP na isuspinde ang mga opensibang operasyon nito para sa ligtas na pagpapalaya sa mga POW, gayundin ng kanilang mga pamilya at ng *third party facilitator*. AB

## Ka Zola, 48

BINIGYANG-PUGAY ng BHB-Ifugao (Nona Del Rosario Command) si Leonardo "Ka Zola" Manahan na namatay noong Abril 14 sa edad na 48 taon. Namatay siya dulot ng malubhang sakit habang naglilingkod bilang namumunong kadre ng Partido at Bagong Hukbong Bayan sa Ifugao.

Unang kumilos si Ka Zola sa hanay ng sektor ng kabataan bilang mahusay na lider masa at propagandista sa loob ng League of Filipino Students noong huling bahagi ng dekada 1980. Kinalaunan, gumampan siya bilang kalihim ng seksyon sa Polytechnic University of the Philippines (PUP) at naging kagawad ng Pambansang Kawanihan ng Kabataan-Estudyante ng PKP. Dito siya nakilala ng mga kasama at masang estudyante bilang "Tolayts" at "Dario."

Tuluy-tuloy ang naging pagkilos ni Ka Zola sa sonang gerilya mula noong 2003. Mula sa North Ilocos Sur-South Ilocos Norte-Western Abra, nailipat siya sa Western Mountain Province bilang Kalihim ng Komite ng Larangang Gerilya. Mula 2010-2016, naging kagawad siya ng sub-rehiyong kinapapalooban ng Western Mountain Province bilang upisyal sa pulitika ng sentro de grabidad ng subrehiyon. Naging kagawad siya ng komiteng rehiyon mula 2013, at itinalagang Kalihim ng Ifugao nitong huling bahagi ng 2016.

Ginunita ng BHB-Ifugao ang mahusay na aktitud ni Ka Zola na inspirasyon ng hukbo at mga rebolusyonaryo sa rehiyon. Inalala rin ng BHB-Ifugao ang kanyang mahigpit na pagkapit sa rebolusyon, nang agad bumalik sa kanayunan matapos lumaya mula sa pagkakabilanggo noong 2005.

Ang kanyang mga labi ay dinala sa PUP chapel noong Abril 20, hatid ng mga rebolusyonaryong pwersang tangan ang mga bandila ng PKP. Maging dito ay pinagpugayan siya ng mga estudyante ng PUP, mga kaibigan at dating kasamahan. AB

### Serye ng mga atritibong opensiba sa Northern Samar

APAT NA ATRITIBONG operasyon ang inilunsad ng mga Pulang mandirigma sa Las Navas, Northern Samar mula katapusan ng Marso.

Noong Marso 30, inisnayp at nasugatan ng BHB ang isang elemento ng 43rd IB na naglulunsad ng operasyong saywar na "Community Support Program" ng Oplan Kapayapaan sa Brgy. San Miguel.

Marso 31, bandang alas-7 ng gabi, inisnayp ng mga Pulang mandirigma ang nag-ooperasyong 16 na elemento ng 43rd IB sa Brgy. San Isidro. Dahil sa matinding demoralisasyon, sumakay kaagad ang mga sundalo sa bangka at umalis nang alas-8 ng gabi ring iyon.

Abril 6, alas-10 ng umaga, hinaras ng mga Pulang mandirigma ang 28 elemento ng 43rd IB sa Brgy. Poponton na nag-ooperasyon mula pa Abril 4. Dahil dito, umatras ang mga sundalo at hindi nagpatuloy ng operasyon pagkatapos sunduin ng helikopter ang kanilang mga kaswalti.

Noon namang Abril 8, pinaputukan ng milisyang bayan ng "doble zero" (yaring-bahay na de-sabog) ang nag-ooperasyong mahigit 30 na sundalo mula sa Brgy. El Empon patungong Brgy. Poponton. Napilitang umatras ang mga sundalo dahil sa mga sugatan nila. Dahil sa sobrang takot, nagkampo at hindi naglalabasan hanggang sa ngayon ang mahigit 140 sundalo ng 43rd IB sa Brgy. El Empon at Brgy. Paco.

Sa desperasyon, ibinaling ng mga pwersa ng 43rd IB ang pasistang galit laban sa mga lokal na residente. Nagbanta ang mga sundalo na babarilin ang sinumang lalaki na makikita nila na nasa labas ng baryo.

# Welga sa mga plantasyon ng saging, matagumpay

Dalawang welga ng mga manggagawa sa plantasyon ng saging sa Compostela Valley ang naipagtagumpay nitong nakaraang linggo.

Nagwagi ang welga ng Maparat-Montevista Workers' Union na inilunsad noong Abril 18 laban sa iskemang "pakyawan" ng dambuhalang Sumitomo Fruits Corporation (Sumifru). Sa isang pormal na areglo noong 2015, pinagkasunduan nang ipagbawal ang iskemang ito dahil nagpapaliit sa kita ng mga manggagawa. Sa loob lang ng 13 oras, napilitan ang Sumifru na harapin ang mga manggagawa at ipatigil ang sistemang "pakyawan."

Sa Brgy. Kingking, Pantukan, nagtagumpay din ang Musahamat Workers Labor Union noong Abril 19 laban sa pambubuwag ng Musahamat Farms, Inc. sa kanilang unyon at pagpapatupad ng kumpanya ng iskemang "gardening system." Ikinasa nila ang welga noong Abril 12 upang tutulan ang iskemang lalong nagpapasidhi sa di-makataong kundisyon sa trabaho dahil pinipilit ang isang manggagawa na solong imentina ang limang klase ng gawain sa tatlong ektaryang sagingan. Ang sobrang trabahong ito ay nagresulta sa pagkaka-ospital ng ilang myembro ng unyon. Upang buwagin ang unyon, iligal ding tinanggal ang dalawang upisyal ng unyon matapos nilang tutulan ang paglilipat ng trabaho.

Dahil sa welga, naibalik sa trabaho ang dalawang upisyal ng unyon at napagkasunduang ibaba sa 2.5 ektarya at apat na klase ng gawain na lang ang imementina ng isang manggagawa. Magsasagawa rin ng *time and motion study* ang unyon at DOLE upang imbestigahan ang epekto ng "gardening system" sa mga manggagawa.

Bago nito, nagwelga ang mga manggagawa ng Shin Sun Tropical Fruit Corp. noong Abril 6. Noong Abril 8 naman, ikinasa ng Freshmax Workers Union ang welga sa harap ng ilang buwang hindi pagpapasahod ng kumpanya sa kanila, hindi pag-entrega ng pondo ng unyon at pagpapahinto ng trabaho dahil umano sa welga ng mga manggagawa ng katabing Shin Sun TFC. Pilit na itinatago ng maneydsment na iisa ang may-ari ng Freshmax Corp at Shin Sun TFC. Hindi natinag ang hanay ng welga ng dalawang unyon sa harap ng bantang pagbuwag ng mahigit 60 armadong pulis na ipinadala ng kumpanya noong Abril 19.

Sa kabuuan, mahigit 800 manggagawa sa plantasyon ng saging ang lumahok sa mga welgang ito. Naglunsad naman ng kani-kanilang kilos-protesta ang mga manggagawa sa iba pang mga planta at plantasyon ng saging sa prubinsya bilang suporta sa nagwelgang mga unyon.

Sa pamumuno ng Banana Industry Growers and Workers Against Sumifru (Bigwas) at ng National Federation of Labor Unions-Kilusang Mayo Uno (NAFLU-KMU), naglunsad ng protesta bilang simpatya sa nagwewelgang mga manggagawa ang walong unyon noon ding Abril 18. Halos isang libong manggagawa ang nakiisa at nagsagawa ng pagtigil sa trabaho at *slowdown* sa kani-kanilang mga planta at plantasyon ng saging sa prubinsya.

Malaganap na pinaiiral ng mga dayuhang kapitalista sa mga plantasyon sa Compostela Valley ang mga neoliberal na patakarang nagtitiyak ng kanilang dambuhalang kita samantalang binubusabos ang mga manggagawa at nilalabag ang kanilang karapatang mag-unyon. Sa Musahamat Farms Inc. noong nakaraang taon, nagprotesta rin ang mga manggagawa nang sinuspinde ng maneydsment nang 30 araw ang mga myembro ng unyon matapos manalo ang MWLU sa *certification election* (CE). Ang CE ang nagtatakda sa isang unyon bilang upisyal at nag-iisang negosyador sa kapitalista para sa dagdag na sahod, karapatan, at iba pa.

Partikular sa mga plantasyong hawak ng Sumifru, liban sa iskemang pakyawan, ilang taon na ring nirereklamo ng mga manggagawa sa planta at plantasyon ng saging nito ang malawakang kontraktwalisasyon sa pamamagitan ng mga huwad na kooperatiba at ahensya sa paggawa, pagmamatigas na kilalanin at makipagnegosasyon sa kanilang mga unyon at paglabag sa mga pamantayan ng makataong kundisyon sa trabaho gaya ng patuloy na paggamit ng nakamamatay na pestisidyong Omega sa mga *packing plant* nito.

Ngunit para sa mga unyonista rito, sadyang kakambal na ng pagiging manggagawa ang paglaban sa mga pakana ng kapitalista. "Patunay itong nagpapatuloy ang laganap na militanteng paglaban ng mga manggagawa sa agrikultura sa mga di-makataong iskema, sukdulang pambubusabos at pambubuwag sa mga unyon na kagagawan ng mga dayuhang kapitalista," anang isang welgista.

Mula noong 2013 matapos salantain ang Compostela Valley ng Bagyong Pablo, halos kada taon ay may ikinakasang welga, *slowdown* o protesta ang manggagawa sa plantasyon ng saging sa harap ng iba't ibang porma ng panggigipit ng mga may-ari nito. "Paulit-ulit, sinubukan kaming buwagin ng kapitalista pero tinatalo namin sila. Kahit pa man nilalabanan namin ang pambubusabos at pagsasamantala ng kapitalista, alam naming magtatagal pa ang pakikibakang ito dahil patuloy ding tinuturing ng mga kapitalista dito ang unyon na malaking balakid sa kanilang inaasam na supertubo," wika ng isang unyonista noong 2015. AB

# 4 na magsasaka, pinatay

APAT NA MAGSASAKA ang pinatay, isang estudyante ang dinukot at libu-libo ang pinalikas sa mga operasyong militar sa nakaraang dalawang linggo. Sa kabila ng mga ito, walang naparurusahan sa mga salarin, bagkus ay kinukupkop at hinihikayat pa ng rehimeng Duterte sa isinasagawang mga operasyong mapanupil.

Nitong Abril 21, alas-7 ng umaga, walang habas na pinagbabaril ng mga elemento ng 39th IB ang tatlong sibilyan sa Sityo Macadis, Brgy. Datal Biao, Columbio, Sultan Kudarat. Papunta ang naturang mga sibilyan sa gubat upang mangaso ng kanilang pagkain. Agad na namatay sina Jorry Peles, 27, at Macmac Peles, 13. Malubhang sugatan naman ang 19-taong gulang na si Jurry Lavella.

Sa Davao del Norte, binaril si Elias Pureza, 60, sa loob ng kanyang bahay sa Purok Palmera, Barangay Mamangan, San Isidro, bandang alas-8 ng gabi noong Abril 6. Si Pureza ay aktibong kasapi ng Samahang Magsasaka sa San Isidro, at nakapaloob sa Pederasyon sa mga Mag-uuma ug Lumad sa Agusan ug Davao.

Samantala, iligal na inaresto ng 60th IB si Maui Bago, 21-taong gulang na Lumad sa Sitio Natulinan, Palma Gil, Talaingod. Inaresto siya matapos siyang ituro ng Alamara, isang grupong paramilitar, bilang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Isinailalim siya sa interogasyon, kinulata at binimbin ng mahigit 24 na oras bago pinakawalan.

Sa Compostela Valley, binaril din ng mga ahente ng militar sa ilalim ng 71st at 46th IB si Bernardo Calan Ripdos, magsasaka na nakatira sa Barangay Sangab, Maco noong April 8. Kasapi ng Hugpong sa mga Mag-uuma sa Walog Compostela (HUMAWAC) si Ripdos.

Sa Abra, tinangkang harangin ng mga elemento ng 24th IB ang mga myembro ng Cordillera Human Rights Alliance na magsasagawa ng imbestigasyon sa mga naganap na paglabag sa karapatang-tao sa barangay ng Buanao, Umnap, Lat-ey at Mataragan sa Malibcong, Abra noong Abril 4. Inokupa ng 24th IB ang mga barangay ng Umnap, Latey at Mataragan. Sa Buanao, nilimitahan ng mga sundalo ang kilos ng mga residente sa kanilang komunidad.

Sa Panay, nagsagawa rin ng imbestigasyon ang Alyansa ng Panay para sa Karapatan at ang National Union of People's Lawyers noong Abril 6-8 para idokumento ang mga paglabag sa karapatang-tao sa Cabatangan, Lambunao sa Iloilo. Iniulat ng mga residenteng katutubo na inokupa ng 61st IB ang kanilang lugar at mistulang nakapailalim sila sa batas militar. Apektado rito ang 30 pamilya.

Sa Nueva Ecija, pinaputukan ng mga armadong kalalakihan ang mga magsasakang myembro ng Alyansa ng Mamamayang Nagkakaisa sa 3,100 sa Sityo Minalkot, Brgy. San Isidro, Laur noong Abril 16, alas-5 ng hapon. Apat sa labingwalong magsasaka ay mga menor de edad. Binubungkal nila ang lupang noong pang 1991 idineklarang dapat ipamahagi ng Department of Agrarian Reform. AB

### Kundenahin ang sabwatang Lapanday-PNP!

MAILAP PA RIN ang inaasam na lupa ng mga magsasaka ng Madaum Agrarian Reform Beneficiaries, Inc. sa Tagum City, Southern Mindanao.

Mismong kalihim ng Department of Agrarian Reform (DAR) ng GRP na si Rafael "Ka Paeng" Mariano ang sumama upang pormal na ibalik ang 159 magsasaka sa 119.25-ektaryang lupa sa Brgy. Madaum noong Abril 18. Ngunit hindi pa man nakakapasok sa erya, nalantad na sa mga magsasaka at sa DAR, kasama ng libu-libong mga taga-suporta nila mula sa iba't ibang panig ng rehiyon, ang hayagang sabwatan ng makapangyarihang pamilya ng mga Lorenzo na may-ari ng Lapanday Foods Corp. at ng Philippine National Police (PNP).

Mahigit 700 armadong gwardya ng LFC, kabilang ang mga bayarang paramilitar na Lumad, ang nakabantay sa portipikadong tarangkahan ng plantasyon. Tumanggi ang PNP na sumama sa DAR sa kabila ng usapan sa espesyal na komite ng prubinsya na itinalagang tumulong sa pagbabalik.

Nangako si Sec. Mariano na gagawin ang lahat para mabawi ng mga magsasaka ang lupang ilang dekada nang ginawang gatasan ng tubo ng pamilyang Lorenzo. Hanggang ngayon, nakakampo pa rin ang mga magsasaka kasama ng dumating na mga taga-suporta nila sa harap ng LFC at nanawagan kay GRP Pres. Rodrigo Duterte na mamagitan para sa kapakanan ng mga magsasaka.

Samantala, nagbabala ang NDFP-SMR sa pamilyang Lorenzo at PNP laban sa paggamit ng dahas upang pigilan ang mga magsasaka na maangkin ang kanila lupa. Ayon kay Rubi del Mundo, tagapagsalita ng NDFP-SMR, "handa at kayang depensahan ng demokratikong gubyernong bayan ang mga magsasaka sakaling humantong ang sitwasyon sa pagkakait ng karapatan nilang angkinin ang lupa."

Hindi ito ang unang pagkakataon na kinasabwat ng mga panginoong maylupa ang PNP sa Davao del Norte upang pigilin ang makatarungang pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka. Noong 2014, naipanalo ng 112 magsasaka ng Checkered Farms Employees Agrarian Reform Beneficiaries Association, Inc. ng Brgy. Tibungol, Panabo City, Davao del Norte ang kanilang kaso sa Korte Suprema ng Pilipinas. Pinagtibay ng korte ang kanilang karapatan sa 281-ektaryang lupa na ginawang plantasyon ng saging. Nang pigilan ng higit-kumulang 200 armadong gwardya ng katabing plantasyon ng Tagum Development Corporation (TADECO) ang pagpasok ng mga magsasaka sa plantasyon, mismong ang PNP ang umatras at tumangging ipagtanggol ang karapatan ng mga magsasaka.

# Pambansang minimum na sahod, itakda at itaas




Halos 30 taon na matapos lubusang baklasin ng reaksyunaryong estado ang pambansang minimum na sahod at ipataw ang rehiyunalisasyon ng sahod sa pamamagitan ng Wage Rationalization Act (RA 6727). Sa buong panahon na ito, hindi lamang napako sa mababang antas ang sahod, lalupang bumaba ang halaga nito. Anumang hiling na itaas ito ay mabilis na tinatanggihan o di kaya'y tinutumbasan ng napakababang pampalubag-loob na halaga.

Kasabay ng kontraktwalisasyon at iba pang patakarang anti-manggagawa at anti-unyon, pinahina at siniil ng rehiyunalisasyon ng sahod ang kilusang paggawa. Binaklas nito ang isang pamantayan sa paggawa na ipinagtagumpay sa daantaong pakikibaka ng kilusang manggagawa. Tulad ng karapatan para sa walong-oras na araw sa paggawa, pinangangalagaan ng karapatan sa minimum na sahod ang mga manggagawa laban sa di-makataong mga kundisyon sa paggawa at higit pang pambubusabos.

Ginamit ng mga kapitalista at burukrata, kasabwat ang mga dilawang unyon, ang mga Regional Tripartite Wages and Productivity Board (RTWPB) para higit pang manghuthot ng tubo mula sa mga manggagawa. Sinamantala ng mga ito ang malawak na hukbo ng mga manggagawang walang trabaho at ang kanilang atrasadong kalagayan. Sinamantala at pinalala rin ng mga ito ang kanilang disorganisadong kalagayan para ilokalisa at pahinain ang kanilang pagtutol at pagkilos.

Isa ang rehiyunalisasyon ng sahod sa mayor na patakarang neoliberal na ipinatupad noong dulo ng dekada 1980. Bago nito, ipinatupad ni noo'y Pres. Manuel Quezon sa dekada 1930 ang minimum na sahod na ₱1/araw sa tulak ng malakas at militanteng pagkilos ng mga unyon ng manggagawa at kilusang magsasaka. Ginamit ni Quezon ang deklarasyong ito para linlangin ang mga manggagawa at ilayo sila sa noo'y katatatag pa lamang na Partido Komunista ng Pilipinas. Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ipinagpatuloy ng Congress of Labor Unions ang laban para rito.

Noong 1951, isinabatas ang Minimum Wage Law (RA 602) na nagtakda ng ₱4 sahod para sa lahat ng mga manggagawang di-agrikultural. Itinakda rin nito ang ₱2.50/araw para sa mga manggagawang agrikultural. Ipinawalambisa ito ng Labor Code (Presidential Decree No. 422) ng diktadurang Marcos na nagsimulang magpatupad ng pag-iiba-iba ng sahod. Noong 1976, magkaiba na ng piso ang sahod ng mga manggagawang di-agrikultural sa National Capital Region (NCR) at sa mga prubinsya, gayundin sa pagitan ng mga manggagawa sa plantasyon at di-plantasyon. Sa sumunod na mga taon, lumaki nang lumaki ang agwat ng mga sahod ng mga manggagawang agrikultural (₱8 pagsapit ng 1984). Higit rito, ginamit ng diktadura ang batas na ito para ipako ang sahod. Sa buong panahon ng rehimen (1965-1986), tumaas lamang ng ₱30-31 ang sahod sa paggawa.

Sa loob ng 28 taon sa ilalim ng RA 6727, tumaas lamang ng abereyds na ₱313 ang sahod ng mga manggagawa. Ito ay sa kabila ng halos 300 kautusan ng pagtaas ng sahod *(wage order)* na inilabas ng mga RTWPB. Liban sa napakaraming kaso ng paglabag sa batas, kalakhan o 81% sa mga kumpanyang humihingi ng eksempsyon ay pinagbibigyan.

Bunga ng rehiyunalisasyon, mayroon nang 17 andana ang minimum na sahod sa ngayon. May agwat na ₱256 o halos kalahati ang pinakamataas (₱491 sa NCR) sa pinakamababa (₱235 sa Region IV-B). Pinalala pa ito ng iskemang dalawang-andana ng sahod, kung saan ang itatakda na lamang ng mga RTWPB ay ang "floor wage" o sahod alinsunod sa pinakamababang pamantayan ng kahirapan na arbitraryong itinatakda ng estado. Ang anumang kagyat na dagdag sa sahod ay nakadepende sa aamining netong kita ng kumpanya at sa produktibidad ng indibidwal na manggagawa na itatakda rin ng kapitalista.

Sa pangkalahatan, wala pang sangkatlo (1/3) sa nakabubuhay na sahod ang ibinibigay na halaga ng sahod. Sa NCR, nasa ₱361 lamang ang tunay na sahod habang ₱161-₱264 ang sa ibang rehiyon. Nasa P1,119 na ang nakabubuhay na sahod para sa isang anim-kataong pamilya.

Mula't sapul, ginamit ng estado ang manipulasyon ng sahod at iba pang reporma para hati-hatiin ang mga manggagawa at ilayo sila sa tunay palaban at makabayang unyonismo tungo sa makabuluhan at rebolusyonaryong pagbabago sa lipunan. Pero mula't sapul din, napatunayan ng mga manggagawa na sapat ang kanilang kolektibong lakas para igiit ang nararapat sa kanila at isulong ang kanilang mga karapatan. Katunayan, naabot ang substansyal na pagtaas ng sahod sa

panahon ng diktadura noong 1984—mula ₱21 tungong ₱32 (52%) para sa mga manggagawang di-agrikultural at mula ₱17 tungong ₱21 (23%) sa mga manggagawang agrikultural. Sa panahong ito naganap ang pinakamalalakas at pinakamatatagal na welga sa kasaysayan ng bansa, kaalinsabay ng malakas na kontra-pasismong kilusan ng mga manggagawa.


Nadiskaril lamang ang mga pakikibaka para sa dagdag na sahod at iba pang paglabang manggagawa nang masamantala ng mga kapitalista, kapwa dayuhan at lokal, ang matitinding disoryentasyon at kamalian sa rebolusyonaryong kilusan at kilusang paggawa sa dekada 1980. Sinabayan ang rehiyunalisasyon sa sahod ng masasaklaw na neoliberal na mga iskema na lalupang nagpatindi sa pagsasamantala at paniniil sa mga manggagawa. Ipinatupad ang pleksibilisasyon ng paggawa at malawakang pagbuwag sa nakatayong mga unyon. Ipinawalambisa ang mga regulasyon sa paggawa at itinayo ang mga engklabong industriyal para higit pang bigyang-laya ang mga kapitalista na magkamal ng tubo mula sa paggawa ng mga manggagawa.

Marapat lamang na kasabay sa pakikibaka para sa dagdag na sahod ang paggiit na muling itakda ang pambansang minimum na sahod para matiyak ang isang pambansang istandard para sa disente at nakabubuhay na sahod. Mula dekada 1990, isinulong ng militanteng mga unyon ang pakikibaka para sa ₱125 *across-the-board* na dagdag na sahod sa harap ng nagtataasang presyo ng mga bilihin at singil sa serbisyo. Noong 2014, inilunsad ng mga manggagawa ang pakikibaka para sa muling pagtatakda ng pambansang minimum na sahod at pagtatakda rito sa ₱750/araw para sa pribadong sektor at ₱16,000/buwan para sa pampublikong sektor. Dapat itong isabay sa mga pakikibaka laban sa kontraktwalisasyon at iba pang neoliberal na patakaran ng reaksyunaryong estado. AB

Ang nagpapatuloy na kabuluhan ng Rebolusyong Oktubre 1917

# Balik-tanaw sa kritika sa imperyalismo ni Lenin

Sa darating na Mayo 1, muling gugunitain ang dakilang papel ng mga manggagawa sa pagbuhay ng lipunan at pagsulong ng kasaysayan. Kaakibat nito, nariyan din ang gahiganteng papel ng imperyalismo sa todong paghadlang sa kanilang pagsulong. Bilang monopolyo at huling yugto ng kapitalismo, higit na mapagsamantala at mabangis ang imperyalismo. Ngunit sa kabila ng ipinapakitang kapangyarihan nito, patuloy itong nabubulok at naghihingalo, at walang patutunguhan kundi ang pagbagsak sa harap ng pakikibaka ng mamamayan sa pamumuno ng uring manggagawa sa buong daigdig.



"Ang imperyalismo ang bisperas ng sosyalistang rebolusyon ng proletaryado. Nakumpirma na ito mula 1917 sa pandaigdigang saklaw," ani Vladimir Ilyich Lenin sa *Imperyalismo, ang Pinakamataas na Yugto ng Kapitalismo*. Makalipas ang isang dantaon ay nananatili ito bilang pinakatumpak na pagsusuri sa imperyalismo at gabay sa pagtanaw sa mga pangyayari sa kasalukuyan.

Tinunggali ni Lenin, lider ng Partido Komunista (ang Russian Social Democratic Labor Party o RSDLP), ang sinasabi ng iba't ibang mga ekonomista ukol sa sistemang kapitalista sa kanilang panahon. Inilinaw niya na "hangga't hindi nauunawaan ang mga pang-ekonomyang ugat ng penomenong ito at hindi napahahalagahan ang pampulitika at panlipunang katuturan, hindi makahahakbang tungo sa paglutas ng mga praktikal na problema ng kilusang Komunista."

### Imperyalismo ang monopolyong yugto ng kapitalismo

Taliwas sa ipinamarali ng mga burges na ekonomista na malayang kompetisyon ang sistemang kapitalismo, inilinaw ni Lenin na mula pa noong maagang bahagi ng ika-20 siglo ay nangibabaw na sa buong sistema ang mga monopolyo at naging pundasyon na ito ng buhay pang-ekonomya ng mga kapitalistang bansa. Ang mga monopolyo ang nagmamaniobra para kontrolin ang suplay ng hilaw na materyales, suplay ng lakas paggawa, mga deliberi, at mga pautang. Winawasak ang mga unyon, kinukopo ang pamilihan, at sistematikong minamanipula ang presyo para malugi ang empresang gustong kontrolin.

Kabilang sa mga industriyang kontrolado ng monopolyo noong maagang bahagi ng 1900 ang industriya ng riles at tren sa Britain at France, industriya ng kuryente at kemikal sa Germany at ang industriya ng asero at ng langis sa USA.

Isa sa mga monopolyong ito ang Standard Oil Company ng USA na naging pinakamalaking kumpanya ng langis sa bayan sa pamamagitan ng iba't ibang panggigipit sa mga kakumpitensya nito. Sa kapital na humigit-kumulang $150 milyon, kumita ito ng netong $838.8M mula 1882 hanggang 1906. Ito na ngayon ang ExxonMobil, ang pinakamalaking pribadong kumpanya ng langis na

nagpuprodyus ng 3% ng langis at 2% ng enerhiya ng buong mundo. May negosyo ito sa iba't ibang sangay ng industriya at may kontrol sa 8.5 milyong ektaryang lupa sa Europe, South America, Asia, Australia, Africa, at Canada, maliban pa sa anim na milyong ektarya sa US mismo. Noong Disyembre, 2016, ang CEO nito, si Rex Tillerson, ay itinalaga ni Pres. Trump bilang Secretary of State.

Kasabay ng pagmonopolyo sa industriya ang pagmonopolyo sa pinansya o bangko at pagsasanib ng mga ito na bumuo ng isang napakamakapangyarihang pangkat na tinatawag na oligarkiya sa pinansya. Sa pamamagitan ng mga *trust* na may mga sapi sa napakaraming mga kasosyong kumpanya—kapwa rehistrado at nagbabalatkayo—at sala-salabid na mga pamunuang nagpapatakbo sa mga korporasyon, nahahawakan ng oligarkiya sa pinansya ang halos buong pinansyal na kapital ng lahat ng mga kapitalista at ng mas malaking bahagi ng kagamitan sa produksyon at pinagkukunan ng hilaw na materyales ng kanilang bayan at ng iba pang mga bayan.

Noong 1910, pinansin ni Lenin na ang anim na pinakamalalaking bangko sa Berlin ay may mga direktor sa 344 kumpanyang industriyal, at mga *board member* sa 407 iba pa, na saklaw ang *insurance*, transportasyon, restoran, teatro, at iba pa. Sa kabilang panig, ang makapangyarihang mga industriyalista ay nasa lupon ng mga superbisor *(supervisory board)* ng mga bangkong ito.

Sa US, nabanggit din ang dalawang pinakamalalaking bangko, ang pag-aari ng pamilyang Rockefeller at Morgan, na kumukontrol ng kapital na mahigit $6B. Ang dalawang bangkong ito ay magkasanib na ngayon sa multinasyunal na JPMorgan Chase & Co. na itinala ng Forbes bilang pinakamalaking bangko sa US at ikatlong pinakamalaking bangko sa daigdig batay sa mga ari-arian at kapital nito na umaabot sa humigit kumulang $2.5 trilyon (₱120 trilyon). May 288 rehistradong subsidyaryo ito sa iba't ibang bahagi ng daigdig, at may ugnayang pamunuan sa John Deere & Co., Wal-Mart Stores, Inc., Dow Chemical Co., Center for Strategic & International Studies, Inc., Rush University Medical Center, Apple, Inc. Quinnipiac University, Exxon Mobil Corp., NBC Universal Holdings, The Museum of Science & Industry, University of Chicago, Business Council for International Understanding, at marami pa sa iba't ibang larangan ng ekonomya at lipunan. Kumita ito ng netong $22,000 (₱105,600) noong 2014 at kasalukuyang may 241,359 empleyado sa buong daigdig.

Noong 1911, nagbuo ang mga estadong kapitalista ng mga batas na "anti-trust" o animo'y paghihigpit laban  sa mga monopolyo. Ngunit paimbabaw lamang ang mga ito at madaling malusutan, dahil mismong gubyerno ay batbat ng mga myembro ng oligarkiya sa pinansya o mga ahente nito sa lahat ng antas, at kinatawan nila maging ang mga presidente o punong ministro ng mga kapitalistang bansa.

Ilang halimbawa lamang ito ng pagkonsentra ng yaman ng lipunan sa kamay ng iilang oligarkiya sa pinansya na walang anumang ambag sa produksyon. Sila ang larawan ng pagkaparasitiko, kabulukan at pagsasamantala ng imperyalismo kaya't napakabigat na pasanin ng masang anakpawis. Ang gahiganteng kumpetisyon nila sa isa't isa para sa higit pang tubong kakama-

## Russia, Abril 1917

GABI NG ABRIL 16, 1917, dumating si Lenin (Vladimir Ilyich Ulyanov) sa Finland Station sa kabisera ng Russia (noo'y tinawag na Petrograd). Libu-libong manggagawa ang bumati sa kanyang pagbabalik mula sa Switzerland matapos ang mahigit isang dekadang pagkadistyero.

Umalis si Lenin sa Zurich noong Abril 9, kasama ang 31 pang Bolshevik, at tinawid ang Germany (noo'y kalaban ng Russia) sa isang "selyadong bagon" na itinuring na "teritoryong ekstrateritoryal."

Matapos ang tatlong araw, dumating sila sa Stockholm, kabisera ng Sweden, (na noo'y nyutral) kung saan sinalubong sila ng mga kapwa sosyalista at mga imigranteng Russian. Nirekisa sila ng mga tropang British sa border pero pinatuloy rin matapos walang nakitang kahina-hinala sa kanilang mga dala.

Sa buong panahon ng kanyang mapanganib na paglalakbay, inakala niyang aarestuhin siya pag-apak ng Russia. Pero sa kanyang gulat at tuwa, isang higanteng rali ng mga manggagawa ang bumati sa kanya, kasabay ng isang orkestra na tumutugtog ng rebolusnaryong tugtugin, at ang armadong hukbo ng rebolusyong Bolshevik. Ilang malalaking lente ang itinuon sa harap ng istasyon para tanglawan ang kanyang pagbabalik. Dito, sa taas ng isang *armored vehicle*, ibinigay niya ang kanyang bantog na talumpati kung saan binati niya ang ang mga proletaryong Russian bilang taliba ng internasyunal na proletaryong hukbo na tumatanglaw sa rebolusyong sosyalista.

Mula rito, tumuloy siya sa dating mansyon ng mananayaw na si Mathilde Kschessinski na noo'y nagsilbing hedkwarters ng mga Bolsheviks. Abril 19, inilathala niya ang mahalagang sulating April Theses. Dito, inilatag niya ang pagpihit ng rebolusyong Russian mula sa burges-demokratiko tungo sa sosyalistang reblusyon. Panawagan niya ang "All Power to the Soviets!" (Lahat ng kapangyarihan sa mga Sobyet!) para ilipat na sa mga sobyet (mga lokal na organong bayan) ang kapangyarihang pampulitika mula sa noo'y nakatayong republikang parlamento.

Ilang araw matapos nito, sa Abril 22, ipinagdiwang niya ang kanyang ika-47 kaarawan.

lin ang nagtutulak sa paulit-ulit at papalalang krisis sa ekonomya kung saan ang masang anakpawis din ang nasasalanta. Pinakahuli at dramatiko ang krisis pinansyal noong 2007-2008 na simula ng isang dekada nang depresyon na hindi pa nakakabangon hanggang ngayon.

**Neoliberalismo, mukha ng matinding imperyalistang krisis**


Ang neoliberalismo bilang patakaran sa ekonomya nitong nakaraang mag-aapat na dekada ang pinakahuling solusyong sinusulingan ng kapitalistang sistema *(tingnan sa mga isyu ng* Ang Bayan *Mayo 21-July 21, 2016).* Tulad ng mga sinaunang ekonomistang tinunggali ni Lenin, ikinukubli pa rin ng mga bagong ekonomista ngayon ang malawakang pagkubabaw ng mga monopolyo sa pagsasabing itinataguyod ng neoliberalismo ang malayang kalakalan para makaahon sa krisis.

Sa katunayan, pinakahuling mukha lamang ito ng imperyalismo. Pagtanggal ito sa mga regulasyon o sagka upang buong layang magpalawak ng kapital ang oligarya sa pinansya. Pagbubukas ito ng buong daigdig sa kanilang ibayong pagsasamantala sa tinatawag na globalisasyon, at pagsikil sa kapangyarihan ng paggawa, lalo na ang pagwasak sa organisadong paggawa. Sa paglulunsad ng oligarkiya sa pinansya ng gera laban sa paggawa, lumalalim ang hukay ng kanilang libingan sa harap ng nagngangalit na masang anakpawis.

Tulad ng naipaliwanag ni Lenin, walang ibang kalutasan ang krisis ng imperyalismo kundi ang rebolusyong proletaryo upang maitatag ang sosyalismo. Mahaba at mahirap na pakikibaka ito laban sa isang higante. Ngunit dahil higanteng naghihingalo, tiyak ng uring manggagawa ang tagumpay. AB

---

*Ang artikulong ito ay ikalima sa serye kaugnay sa pagdiriwang sa ika-100 taong anibersaryo ng Rebolusyong Oktubre.*



# Abanteng Kurso, tinapos ng 15-araw

Hitik sa kaalamang teoretikal at praktikal ang ibinahagi at pinagsaluhan ng mga kalahok sa idinaos na Abanteng Kursong Pampartido na inilunsad kamakailan sa isang larangang gerilya sa Southern Mindanao.

Matagumpay na kinumpleto ang bagong AKP sa loob ng 15 araw. Dumalo rito ang 35 mga kadreng mag-aaral. Ang gayong pagpapaiksi ay alinsunod sa binuong plano kamakailan ng Unang Komite Sentral ng Ikalawang Kongreso. Hinahalinhan nito ang dating balangkas ng AKP na nagtatagal noon nang hanggang 45 araw. Habang binubuo pa ang bagong balangkas ng kurso, ginamit na pangunahing sanggunian at balangkas ang *Mga Saligang Prinsipyo ng Marxismo-Leninismo: Isang Praymer* na sinulat ni Kasamang Jose Ma. Sison noong 1981-82.

Pangunahing layunin ng AKP ang pagpapalalim ng kaalaman ng mga kadre ng Partido sa Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM) bilang pananaw sa daigdig, pamamaraan sa pagsusuri at paninindigan ng mga komunista.

Karampatang panahon ang inilaan sa mga mayor na sangkap na bumubuo sa MLM. Tinalakay sa unang bahagi ang materyalismong diyalektiko at ang kasaysayan ng pilosopiya hanggang sa pag-usbong ng Marxismo. Binigyang-diin naman sa bahaging materyalismong istoriko ang kasaysayan ng pag-unlad ng iba't ibang sistemang panlipunan bilang kasaysayan ng mga moda sa produksyon (o baseng pang-ekonomya at nakatayong superistruktura.) Inilahad naman sa pag-aaral ng ekonomyang pampulitika ang Marxistang kritika sa sistemang kapitalismo at ang batayang kontradiskyon nito na humahantong sa krisis at mas malalalang krisis sa ilalim ng imperyalismo. Ang pag-aaral sa teorya at praktika ng syentipikong sosyalismo ay naging pagkakataon na pag-aralan ang praktikal na karanasan sa pagtatayo ng sosyalismo at paglaban sa panunumbalik ng kapitalismo.

Ang ginawang pagpapaiksi ng AKP ay alinsunod sa target na ang bawat ganap na kasapi (GK) ng Partido ay makatapos nito sa loob ng unang dalawang taon ng kanyang pagiging GK. Plano ng KS na

makatapos ang lahat ng kadre sa antas rehiyon at sub-rehiyon sa loob ng kasalukuyang taon; at mga kadre sa antas ng mga larangan at seksyon sa susunod na dalawang taon. Ang pagpapaiksi ng AKP ay mahalaga upang umangkop sa kalagayan ng batayang masang siyang mayoryang kasapi ng Partido. Maiiwasan din ang napakahabang mga pulong pag-aaral na nagbubunsod ng problema sa organisasyon, pati na sa seguridad.

Sa malaon, inaasahang makapagluluwal ang masiglang paglulunsad ng mga AKP ng libu-libong mga kadre na may malalim na pagkakagagap sa MLM upang dalhin ang Partido tungo sa higit na maunlad na rebolusyonaryong praktika.

Ngayon pa lang, kinakitaan na ng pagkasabik ang mga mag-aaral sa kanilang masiglang paglahok sa mga talakayan, yayamang mayorya sa kanila ay may mahahaba na ring karanasan sa iba't ibang linya ng gawain. Para kina Ka Nova at Ka Mac, partikular na naging interesante ang paksa ng Marxistang ekonomyang pampulitika. Kapwa sila mga kadreng kumikilos sa hanay ng mga manggagawa, at kapwa sabik na maibahagi ang natutunan sa kanilang mga inoorganisa.

"Nagbibigay ng karagdagang oryentasyon ang kurso para sa mga organisador," ani Ka Nova. "Kung sa Unyong Sobyet noon ay tiniyak ang karapatan ng mga manggagawa na magkaroon ng trabaho at pumasok sa mga unyon, dapat ay maging gabay din ito ng mga organisador sa kanilang pagkilos." Susog naman ni Ka Mac, sa harap ng atake ng neoliberalismo sa kilusang manggagawa, ang layuning organisahin sila sa mga unyon ay dapat sumaklaw maging sa mga manggagawang di-regular. Nagkakaisa din sina Ka Nova at Ka Mac na ang mahigpit na paggagap sa linyang masa, batay na rin sa pagkatuto mula sa AKP, ay tutungo sa higit pang pag-abante sa sumusulong na kilusang manggagawa sa rehiyon.

Sa panig naman ni Ka Toby, na gumagampan ng gawaing propaganda, nahikayat siyang paunlarin ang gawaing pananaliksik upang mailatag ang mga usapin at puntong dapat malaman ng mamamayan. "Para sa akin, naging makabuluhan ang AKP na sa mga binubuong editoryal o komentaryo, at maiwawaksi ang mga maling kaisipang pinapalaganap ng burgesya sa larangan ng ekonomya, kultura at pulitika," aniya.

Masasabing tumampok ang syentipikong sosyalismo bilang pinakamasiglang bahagi ng kurso. Dito higit na naging masinsin ang talakayan hinggil sa hitsura ng kasunod na yugto matapos ipagtagumpay ang pambansa demokratikong rebolusyon. Sa pamamagitan ng mga karanasang halimbawa mula sa Russia, China at Vietnam, hindi lamang ang diktadura ng proletaryado at pagpaplano sa ekonomya ang binigyang-diin. Tumimo rin sa mga kasama ang pangangailangan para sa patuloy na rebolusyonaryong pakikibaka upang labanan ang impluwensya ng lumang lipunan at mga bagong burgesyang lumilitaw sa burukrasya.

Sa huli, habilin ni Ka Obi, isa sa mga instruktor, na dapat ituluy-tuloy ang pagbabasa ng mga sanggunian ng AKP. Idiniin niya ang panawagan ni Mao Zedong na dapat paghusayin ng mga komunista ang pag-aaral sa teorya, sa kasaysayan at sa praktikal na kilusan. Kakambal ito ng tuluy-tuloy ding pagkukumbina ng pag-aaral at paggawa bilang epektibong pamamaraan sa pag-abante ng rebolusyon. AB

## PRWC Page, tinanggal ng Facebook

TINULIGSA NG Philippine Revolution Web Central (PRWC) ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang pagtanggal ng Facebook sa PRWC Page noong Abril 8. Ang gayong pagtatanggal ay taliwas sa ipinangangalandakan ng Facebook na niyayakap nito ang "pagkakaiba-iba" at "gawing bukas at magkakaugnay ang mundo."

Nangyari ang pagtanggal sa Facebook page ng PRWC matapos nitong ilantad ang pag-imbento ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ng mga pekeng balita sa masmidya at *social media*. Sa partikular, inilantad ng PRWC ang mga pekeng balita ng AFP sa mga engkwentro umano sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) upang bigyang-matwid ang pamamaslang sa mga di-armadong masa sa kanayunan at malawakang paglabag sa mga karapatang tao.

Katatapos din nitong ilantad ang pagsisikap ng suportado-ng-US na militar at ahensya sa depensa na sirain ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at GRP. Ang PRWC Page ay nagsilbing daluyan upang maipaabot sa publiko ang mga tindig ng PKP at ang mga pakikibaka ng masang Pilipino sa loob at labas ng bansa.

Ayon sa PRWC, "Ang pagtanggal ng PRWC ay pagsesensor ng Facebook *page* sa PKP at rebolusyonaryong Kaliwa. Kasabay nito, ang komunidad ng mga myembro ng Facebook at tagasuporta ng rebolusyonaryong Kaliwa, ang midyang Pilipino at ang iba pang interesadong publiko ay epektibong napagkaitan ng mapagkukunan ng balita at impormasyong sumasalamin sa mga pananaw ng PKP at mga kaugnay na organisasyon."

Iginiit ng PRWC na dapat ibalik ang PRWC page kasama ang mga dating *post* at rekord ng mga Like at Follower. Bilang protesta, gumawa ito ng bagong *page* (facebook.com/philrevwebcentral) habang iginigiit ang pagbabalik ng PWRC Page.

Maliban sa PRWC, tinanggal din ng Facebook ang mga *page* nina Diego Padilla ng Melito Glor Command ng Southern Tagalog at ng Liberation International ng NDFP noon pang Enero. AB

## "Abu Sayyaf sa Visayas," pakana ng US

MARIING TINULIGSA ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang inilunsad ng Armed Forces of the Philippines at Philippine National Police na labis-labis na malaking operasyong militar sa Bohol noong Abril 11 laban diumano sa mga kasapi ng Abu Sayyaf Group (ASG).

Sa ulat ng AFP at PNP, idineploy ang pwersa ng militar at pulis noong Abril 11 sa bayan ng Inabangan kung saan nakasagupa diumano nito ang may 60 myembro ng Abu Sayyaf na nagresulta sa pagkamatay ng tatlong sundalo, isang pulis at limang "bandido."

Dalawa sa sinabing bandido ay ang 65-taong gulang na mag-asawa na sina Constancio at Crisente Petalco. Kinilala sila ng mga upisyal ng barangay bilang mga residente ng Barangay Napo, kung saan naganap ang diumano'y engkwentro.

Taliwas sa pahayag ni Lt. Col. Jose Dodjie Belloga Jr. ng 47th IB na ang mag-asawang napaslang ay tagasuporta ng Abu Sayyaf, inamin ni Col. Edgard Agrevalo, tagapagsalita ng AFP, na hindi sila tiyak kung myembro nga ang mga ito ng ASG. Upang supilin diumano ang natitirang elemento ng Abu Sayyaf, siyam na bomba ang ibinagsak ng Philippine Air Force sa mga barangay ng Napo, Calenti at Banaha na nagresulta sa ebakwasyon ng may mahigit 1,200 residente.

"Ang ganitong mga kwento ay kagaya ng iba pang kasinungalingang hinabi ng US Central Intelligence Agency at mga kasabwat nito sa pwersang pandepensa at seguridad ng Pilipinas," dagdag ng PKP.

Kahina-hinala na ilang araw bago nito, naglabas ng babala ang embahada ng US sa kanilang mamamayan na nagbabawal sa pagbisita sa Cebu at Bohol dahil diumano sa banta ng terorismo noong Abril 9, dalawang araw bago maganap ang sinasabing engkwentro.

Ang pinalalabas na balita na mayroon diumanong malaking presensya ng Abu Sayyaf sa Bohol ay bahagi ng layunin ng US na patibayin ang kontrol at pagpapalaki pa ng presensya ng tropa nito sa Central Visayas. Sumambulat ang balitang ito isang linggo bago ang nakatakdang pagpupulong ng mga ministro ng ASEAN sa Cebu. Gayundin, nakatakdang idaos ang Balikatan *exercises* sa kalapit ding isla ng Leyte. Ayon sa upisyal na pahayag ng militar ng US at AFP, itutuon diumano ang pagsasanay sa pagbibigay ng *humanitarian aid* sa panahon ng sakuna at "pagsugpo sa terorismo." Ilang araw matapos ang pananalakay sa Bohol, lumabas ang balitang nasa isla na ng Negros ang mga elemento ng Abu Sayyaf.

Tinukoy sa pahayag ng PKP na hindi maipagkakaila na matagal nang target ng tropa ng US na magtayo ng mga pasilidad sa paliparan ng Mactan sa kalapit na isla ng Cebu. Hindi na rin lihim ang matagal nang kolaborasyon ng AFP, militar ng US at ng Abu Sayyaf.

Ginagamit ng AFP at CIA ang teroristang grupo para bigyang katwiran ang todo-gera at pambobomba nito sa pagkidnap. Ang mga pagkidnap ng bandidong grupo ay pinagkakakitaan din ng mga namumuno sa Abu Sayyaf at mga pinunong militar na may hawak sa kanila.

Mahigit 15 dekada nang minamaliit ng AFP ang kakayahan ng Abu Sayyaf at nagmamayabang na kaya nitong ubusin ang grupo. Subalit, lagi rin itong lumilitaw sa panahon na kinakailangan ng US at AFP. AB

## Higanteng bomba, inihulog ng US sa Afghanistan

KINUNDENA NG Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), kasama ang mamamayan ng buong mundo, ang pambobomba ng militar ng US sa ilalim ng administrasyong Trump gamit ang mahigit siyam na toneladang bombang GBU-43 noong Abril 13 sa bulubunduking bahagi ng Tangi Assadkhel, Achin sa prubinsya ng Nangarhar, Afghanistan. Sinasabi ng US na kuta ng Taliban ang lugar na ito.

Ang GBU-43 o Massive Ordnance Air Blast ang pinakamalaking bombang hindi-nukleyar na ginamit sa kasaysayan. Tinagurian itong "mother of all bombs" (ina ng lahat ng mga bomba) dahil sa taglay na lakas nito. Wawasakin ng pagsabog nito ang anumang mahagip sa loob ng isang kilometro mula sa sentro ng pagsabog kung kaya maituturing itong sandata para sa malawakang pagpuksa.

Sa ulat ng militar ng US, 92 ang nasawing myembro ng ISIS at wala umanong nadamay na sibilyan. Taliwas ito sa pahayag ng mga residente malapit sa lugar na pinagsabugan na maraming sibilyan ang nasa Tangi Assadkhel nang ihulog ang bomba. Katunayan, nakitang dinala sa Shadal Bazaar ng mga kumando ng US ang dalawang babaeng may kapansanan at isang matandang lalaki mula rito. Sa lakas ng pagsabog, ilang bahay ang inulan ng bato at may mga nawasak sa mga komunidad na may hanggang apat na kilometro ang layo sa pinagsabugan. Marami ang nakaranas ng panandaliang pagkabingi at ilang araw na pag-ugong ng tainga.

"Hindi katanggap-tanggap ang paggamit ng US ng sandata para sa malawakang pagpuksa. Isang *war crime* ang paggamit ng malalakas na bombang walang pinipiling tatamaan at sadyang idinisenyo para pumatay ng maramihan," ayon sa CPP.

Isang dekada at kalahati nang dinidigma ng US ang Taliban sa Afghanistan. Sa kasalukuyan ay may 8,500 tropang Amerikano ang nakabase rito para suportahan at kontrolin ang papet na gubyerno ng Afghanistan. Habang ginagawang katwiran ng US ang ISIS bilang target diumano nito, kinukunsinti ng US ang ISIS na nakikipagtulungan sa mga teroristang grupong kumukontra sa gubyernong Syria. AB

# Mga pagkilos sa ST, Samar at ComVal

Sa Negros Oriental, daan-daang magsasaka ang nagkaraban noong Abril 20 patungong bayan ng Don Salvador Benedicto tungong Bacolod City para ipanawagan ang hustisya sa pinaslang nilang mga kasamahan sa lugar. Dalawa rito sina Alexander Ceballos at Wenceslao Pacquiao na pinaslang ngayong taon ng mga bayarang maton ng mga panginoong maylupa at kakutsaba nilang burukrata. Pinangunahan ang pagkilos ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, Bayan at National Federation of Sugar Workers-Negros.

Bago nito, naglunsad ng piket ang mga manggagawa sa ilalim ng Kilusang Mayo Uno-Negros sa harap ng upisina ng Department of Labor and Employment sa rehiyon para labanan ang kontra-manggagawang D.O. 174.

Sa Samar, nakauwi na sa kani-kanilang mga baryo noong Abril 10 ang mahigit 1,000 pamilyang nagbakwit tungo sa sentro ng Calbiga noong Abril 4 matapos okupahin ng militar ang kanilang mga komunidad. Matagumpay na naigiit ng mga residente sa isang dayalogo sa mga elemento ng 87th IB noong Abril 9 na umalis na ang mga sundalo sa 15 barangay. Ito ay sa kabila ng pagmamatigas ng pinuno ng mga sundalo na manatili pa sa lugar.

Sa Compostela Valley, naglunsad ng kilos-protesta noong Abril 10 ang mga nakaligtas sa bagyong Pablo sa Davao City para igiit ang kanilang karapatan para sa disenteng pabahay. Nanindigan sila na hindi nila lilisanin ang mga pinusisyunan nilang bakanteng pabahay ng National Housing Authority sa San Antonio Village, Compostela Valley. Sa pahayag ng Kadamay-Davao, mahigit isanlibong kabahayan ang itinayo para sa mga nakaligtas sa bagyo subalit nananatiling nakatiwangwang nang mahigit limang taon. Noon pang Nobyembre 2016 inokupa ng mga nakaligtas ang kabahayan.

Tinuligsa rin nila ang proyekto ng lokal na gubyerno sa Quezon Boulevard na magpapalayas sa may 2,500 pamilya. Anila, ang Urban Development and Housing Act o RA 7279 ay naglelegalisa ng malawakang demolisyon ng maralitang lunsod sa tabing ng proyektong pangkaunlaran. AB

## Kalbaryo ng Mamamayan, itinanghal

DISENTENG PANINIRAHAN, nakabubuhay na sahod, seguridad sa trabaho, pagwawakas sa nagpapatuloy at tumitindi pang kahirapan—ilan lamang ito sa tampok na panawagan sa Kalbaryo ng Mamamayan na ginanap sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Inilulunsad ng mga pambansa-demokratikong organisasyon ng maralita ang Kalbaryo ng Mamamayan tuwing Kwaresma. Isa itong dulang panlansangan na naghahalintulad sa buhay at pakikibaka ng mamamayan kay Hesus bago ito ipinako sa krus.

Sa Metro Manila, pinangunahan ng Kadamay-NCR ang kalbaryo sa mga lunsod ng Caloocan, Taguig at Maynila. Nagmartsa sila patungong Mendiola noong Abril 10. Layunin ng Kalbaryo ng Mamamayan ngayong 2017 ang singilin si Presidente Rodrigo Duterte ng GRP sa mga pangako nito ng pagbabago. Sa loob ng mahigit siyam na buwan nito sa pwesto, nagpapatuloy pa rin ang kahirapan, kontraktwalisasyon, paglabag sa karapatang-tao, militarisasyon at kakulangan ng serbisyong panlipunan.

Para sa Kadamay-Manila, ang tuluy-tuloy na pagpapalayas ng lokal na pamahalaan sa mga manininda at paghuli sa mga walang tahanan ang kanilang kalbaryo. Sumama sa prusisyon ang mga manggagawa ng Manila Harbour Centre na kasalukuyang nakikibaka para sa kanilang regularisasyon at iba pang karapatan.

Binatikos naman ng Kadamay-Caloocan ang planong "Oplan Kalinga," ang lokal na bersyon ng Oplan Tokhang na tiyak na magdudulot ng dagdag na pagdurusa sa mga maralita. Sa planong ito, mahigit 100 pulis at elemento ng Philippine Drug Enforcement Agency ang itatalaga sa bawat barangay sa lunsod.

Samantala, nakiisa ang Nagkakaisang Residente ng Maysapang Homeowners Association sa Brgy. Ususa, Taguig sa Kalbaryo ng Mamamayan noong Abril 12. Isinadula nila ang kanilang dinaranas na kalbaryo sa kamay ng RII Builders. Ayon sa mga residente rito, nagpapatuloy ang banta ng demolisyon sa kanilang komunidad dahil sa proyekto ng kumpanya.

Sa Laguna, matagumpay na nakapaglunsad ang Kadamay-Southern Tagalog ng programa sa Crossing, Calamba noong Abril 12. Sa Quezon, pinangunahan ng Pinagkaisang Lakas ng Magbubukid sa Quezon (PIGLAS), Coco Levy Funds Ibalik sa Magniniyog (CLAIM-Quezon) at Karapatan-Quezon ang Kalbaryo ng Mamamayan 2017 sa Bondoc Peninsula noong Abril 14. Mahigit 2,000 magniniyog at tagasuporta nila ang lumahok sa martsa.

Sa Compostela Valley, nakiisa ang mga kabataan mula sa Anakbayan Compostela Valley at Compostela Farmers Association (CFA) sa Kalbaryo sa Kabus (Kalbaryo ng Mahihirap) noong Abril 12. Mariing kinundena ng CFA ang pagkakait ng lokal na gubyerno ng disenteng paninirahan sa mga biktima ng bagyong Pablo. Anila, sa panahong inokupa ng mamamayan ang mga pabahay, pagbabanta naan ang tugon ng gubyerno. AB